# Tula, Tula, Paano Ka Ginawa?

*Mga Tulang Pambata*

Sa Tula
Laro ng Salita
Ang Makata
Ang Bata Sa Lawa
Sukat
Ang Tibok Ng Tula
Tugma
Taludtod
Huwag Matakot Sa Tula
Hindi Binabasa Ang Tula

# Sa Tula

Sa tula, ang araw
Ay kending natunaw
At ang hatìng buwan,
Hopyang kinagatan.

Ang lamig ay yakap
Ng kalarong ulap,
Ang init ay sumbat
Ng hanging naglayas.

Sa tula ang lungkot
Ay p'wedeng ikumot,
At p'wedeng panggamot,
Ngiting di malimot.

P'wede mong salatin
Ang mga damdamin;
Amuyin, lasapin,
Ang 'yong kinikimkim.

Ang mundo, sa tula
Ay isang Salita.
Ang tula sa bata,
Larong mahiwaga.

# Laro ng Salita

“Tula, tula,
Saan ka nagmula?”
Muni-muni ng batang
Nakatanghod sa tala.

Hindi umimik
Ang nagmamasid na langit
Ngunit may gumuhit
Sa himpapawid:
Mga bulalakaw,
Nahulog sa daigdig!

Naging salita
Nang mahulog sa lupa.
Pinalibutan ang bata at sila’y nagyaya—
“Maglaro tayo ng mataya-taya!

“Kapag nahuli mo kami,
Lahat kami’y magtutugma.
Kapag ikaw ang nahuli,
Ika’y magiging makata.”

# Ang Makata

“Tula, tula,
Ano ba ang makata?”
Tanong ng bata
Sa di mahuling salita.

“Bata, bata,
Di pa kami nagtutugma.
Tanungin mo mamaya
’Pag di ka na taya.”

“Taya! Taya!”
Ang sigaw ng bata
Nang mapagtugma niya
Ang maiilap na salita.

“Salita, salita,
Ano na ang makata?”
Tumakbo ang tula:
“Siya lagi ang taya!”

# Ang Bata Sa Lawa

May batang tulala sa harap ng lawa,
Nag-aabang siya ng aahong tula.
Ang turo sa kanya, walang mahiwaga
Kung di sa malalim ito nagmumula.

Sinubukan niyang gumamit ng bingwit,
Nagpain ng tugma at laro sa isip.
Naghintay magdamag hanggang sa mainip,
Walang kumakagat kahit man lang dalit.

Sa pagsisid kaya, mas magtatagumpay?
Baka nagtatago sa kaibuturan?
Ngunit nang sisirin ng musmos na muwang,
Dilim lang at lamig, kanyang natagpuan.

Saang lalim pa ba niya hahanapin?
Ang pusod ng lawa, dapat bang hukayin?
Nagkamali kaya ang guro sa bilin,
Na ang mga tula, dapat na malalim?

Sa wakas, napagod, ang bata'y umahon.
Ang pisngi'y hinagkan ng payapang alon.
Sa kanyang haraya, ito ay bumulong:
Pagmasdan ang rabaw, ang tula'y naroon.

# Sukat

Hindi dahil takot lumabas sa kahon
Ang mga taludtod ng tulang may sukat,
Likas lang talaga na ito'y umayon

Sa tibok at pintig, sa indak at kumpas
Ng puso ng tula na nagpapasayaw
Sa mga salita, at nagpapalundag

Sa mga katagang hindi mapigilang
Pumintig, pumitlag, sumikad, gumiling,
Lumukso, kumembot, at laging gumalaw.

Kaya 'wag pigilang sumunod sa rhythm.
Ganito ang tula, hindi mapipigil.

# Ang Tibok Ng Tula

May bilang ang tibok ng dibdib ng tula
Na sinasayawan ng mga salita,
At ’pag di marinig ng mga makata,
May tugma’t sukat man, walang talinghaga.

# Tugma

Nalungkot ang taludtod

Dahil mag-isang nakatanghod
Sa ilalim ng papawiring
Nakikipaghabulan sa dilim.

May talang nahabag
Sa bersong walang kabiyak.
“Di ka dapat mag-isa,
Kailangan mo ng kasama.”

Kaya siya’y bumulusok,
Sa lupa’y nagpahulog.
Naghanap ng gising
Na makatang magaling.

Wala silang nahanap
Na makatang nagpupuyat
Ngunit may nasalubong silang
Panday ng haraya.

Kaya’t ang tala’y nagpahubog,
Sa palihan nagpapukpok.
Liwanag niya’y pinalalim,
Kislap niya’y pinataimtim.

Ang tala ay nagpawasak
Upang maging bersong kabiyak
Ng taludtod na ngayo’y may kapiling
Sa kanyang pagniningning.

# Taludtod

Ito ay taludtod na may’rong sesura—
Pwede mong hatiin, anim na dalawa
Ang bilang ng pantig sa iisang linya,
At nagiging saknong kung apat na sila.

Ang saknong kung minsan, may isang tugmaan
Katulad ng apat na linya sa ’taas.
Samantala ito ay nagsasalitan,
Mahinang katinig, tapos ay malakas.

Masisira ang ritmo,
Magbabago ang tunog,
Nang ginawa kong pito
Ang sukat ng taludtod.

Mayroon ding wawaluhin
Kung hindi kasya ang pantig
Ng nais ipahiwatig
Sa saknong na pipituhin.

Inipitan
Ang tugmaan
Ng mga taludtod
Na aking sinundan.
Samantala
Dito lalaya
Ang anyo ng tula

Dahil di kailangan
Ang sukat at tugma,
Basta't may taludtod
Na mahuhulugan ang salita
At mapagtataliang berso
Ang nahùling hiwaga.

## ’Wag Kang Matakot Sa Tula

Kung masalubong sa dilim
Ang tulang napakalalim
’Wag kang matakot tumingin
Sa mata n’yang nagniningning.

Hindi siya nangangagat,
Basta’t amuhin mo agad,
Himasin ang tugma’t sukat
Sa makinis niyang balat.

’Wag kang matakot sa tula,
At ’wag ka ring matulala
Sa titig n’yang mahiwaga
At ngiting matalinghaga.

Hindi siya nangangain,
Basta’t siya ay pansinin
At sambitin nang malambing
Ang pangalan niyang lihim

Na kaya mong matuklasan
Kung hindi mo iiwasan
Ang pakikipagtitigan
Sa misteryosong nilalang.

# Hindi Binabasa Ang Tula

Hindi binabasa ang tula
Pinanonood itong pelikula ng salita,
Ng mga nagdadramang sukat at tugma;

Konsiyerto ito ng mga ibong
Pakanta kung magtanong
Kung uulan ba sa hapon;

Samyo itong samot-samot
Mula sa taludtod na talulot,
Na bumubukadkad ’pag may kulog;

Nilalasahan itong ulap,
Halo-halong tamis, pait, asim, alat
Ng mga saknong na masarap;

Kinakapa itong kinis
Ng kutis ng hagikhik
Ng makatang nakangiti kung managinip;

Dinarama ang pag-unawa
Sa hiwaga ng salita,
Sapagkat hindi binabasa ang tula.